# Boluntaryong may-tulong na pagyao (Voluntary assisted dying)

Ang boluntaryong may-tulong na pagyao (voluntary assisted dying) ay legal sa South Australia.

Ang boluntaryong may-tulong na pagyao ay nangangahulugan na ang mga tao na may malubhang sakit ay maaaring humingi ng tulong mula sa mga doktor para tapusin ang kanilang buhay sa pamamagitan ng gamot.

Ang boluntaryong may-tulong na pagyao ay hindi kapareho ng 'suicide' o 'pagpapakamatay' kung saan iyong kinikitil ang sarili mong buhay.

## Mga alituntunin para sa boluntaryong may-tulong na pagyao

Mayroong mga alituntunin tungkol sa boluntaryong may-tulong na pagyao at kung sino ang maaaring makakuha nito.

Kinakailangan na ikaw mismo ang hihiling ng iyong boluntaryong may-tulong na pagyao.

Walang sinuman ang maaaring mamilit sa iyo na humiling ng boluntaryong may-tulong na pagyao.

Hindi kinakailangang mga doktor ang magsagawa ng boluntaryong may-tulong na pagyao.

Sinisigurado ng mga alituntunin na

- ang boluntaryong may-tulong na pagyao ay ligtas.
- magagawa mo lamang ang boluntaryong may-tulong na pagyao kung ito ay iyong kagustuhan.

Para makakuha ng boluntaryong may-tulong na pagyao, ikaw ay dapat na

- may sakit na ayaw tumigil o hindi magamot
- may sakit na nagdudulot ng lubhang emosyonal, pangkaisipan o pisikal na paghihirap
- may sakit na iyong ikakamatay nang wala pang 6 na buwan, o wala pang 12 buwan sa iba pang mga sakit
- may edad na higit sa 18 taong gulang
- isang Australian citizen o permanent resident
- naninirahan sa South Australia at residente dito nang hindi kukulangin sa 12 buwan
- may kakayahang magpasya para sa iyong sarili.

Hindi ka maaaring makakuha ng boluntaryong may-tulong na pagyao kung ikaw ay

- mayroong sakit sa pag-iisip lamang
- mayroong kapansanan lamang
- walang kakayahang pumili para sa iyong sarili
- walang sakit.

### Para sa impormasyon at suporta

**Mayroong mga Voluntary Assisted Dying Support Services na maaaring makatulong sa mga tao na gustong makakuha ng boluntaryong may-tulong na pagyao. Sila ay maaari ring tumulong sa pamilya, mga kaibigan at tagapag-alaga, at mga doktor para sa mga hakbang ng boluntaryong may-tulong na pagyao. Ang mga suportang serbisyo ay nagbibigay ng impormasyon at tulong sa mga tao. Ikaw ay maaaring kumontak sa Voluntary Assisted Dying Support Services sa pamamagitan ng email at telepono:**

**Mula Lunes hanggang Biyernes: ika-9.00 ng umaga hanggang ika-5.00 ng hapon**
**Email: Health.VADCareNavigators@sa.gov.au**
**Telepono: 0403 087 390**

# 11 hakbang sa pagkuha ng boluntaryong may-tulong na pagyao

1. **Ikaw ay hihingi ng boluntaryong may-tulong na pagyaó sa iyong doktor sa unang pagkakataon.**
2. **Ang iyong doktor ay sisiguraduhin na iyong natutugunan ang lahat ng mga alituntunin upang makakuha ng boluntaryong may-tulong na pagyao.**

Kung tatanggi ang isang doktor sa iyong hiling, ikaw ay maaaring humiling sa ibang doktor ng boluntaryong may-tulong na pagyao. Kapag pumayag ang doktor na iyon, siya ang doktor na tutulong sa iyo na makakuha ng boluntaryong may-tulong na pagyao.

3. **Ang ikalawang doktor ay maniniguro rin na iyong natutugunan ang lahat ng mga alituntunin para makakuha ng boluntaryong may-tulong na pagyao.**
4. **Kailangan mong sumulat sa isang form na gusto mong makakuha ng boluntaryong may-tulong na pagyao.**

Kinakailangan na dalawang tao ang makasaksi na ikaw ang nagsulat at pumirma sa form. Kung hindi ka makasulat o makapirma sa form, ang ibang tao ay maaaring gumawa nito para sa iyo.

5. **Kapag natapos mo na ang form, ikaw ay kinakailangang humiling sa iyong doktor sa kahuli-hulihang pagkakataon na ikaw ay kukuha ng boluntaryong may-tulong na pagyao.**

Ang kahuli-hulihang pagkakataon na paghiling para sa boluntaryong may-tulong na pagyao ay maaari lamang mangyari 9 na araw matapos ang unang pagpaghiling mo nito, maliban lamang kung sinabi sa iyo ng iyong doktor na kailangan mo ng boluntaryong may-tulong na pagyao sa lalong madaling panahon.

6. **Kailangan mong pumili ng ‘contact person’.**

Ang contact person ay dapat 18 taong gulang o higit pa. Ang taong ito ang tutulong sa iyo na isauli ang gamot para sa boluntaryong may-tulong na pagyao kung hindi mo ito gagamitin.

7. **Ang iyong doktor ay sisiguraduhin sa kahuli-hulihang pagkakataon na ikaw ay maaaring makakakuha ng boluntaryong may-tulong na pagyao.**

Mahalaga na iyong malaman na maaari kang magbago ng isip at magpasya sa anumang oras na hindi na kumuha ng boluntaryong may-tulong na pagyao.

8. **Dapat na kumuha ng permit ang doktor para payagan siya na bigyan ka ng gamot para sa boluntaryong may-tulong na pagyao.**

Ang permit ay isang sulat na nagsasabing ang isang tao ay binibigyang-permiso para gawin ang isang bagay.

9. **Makukuha mo ang gamot mula sa pharmacist sa botika.**
10. **Maaari mo nang inumin ang gamot para tulungan kang tapusin ang iyong buhay.**

Kung hindi mo magawang inumin ang gamot na mag-isa, gagawin ito ng isang doktor para sa iyo. Kapag nangyari ito, kailangan may naroroong isa pang tao o ‘testigo’. Ang contact person na iyong pinili ay kailangang ibalik sa pharmacist ang gamot na hindi mo nagamit.

11. **Ang iyong pamilya at mga kaibigan ay sasabihan ang doktor na ikaw ay yumao o namatay na, at ang iyong doktor ay gagawa ng mga hakbang upang gawing opisyal o ‘sertipikado’ (certified) ang pagkamatay.**

Ang sertipikado ay nangangahulugan na gagawa ng opisyal na dokumento na nagpapakita na natugunan ng isang bagay o gawain ang mga alituntunin. Ang dokumento ay magsasabi na ang iyong pagkamatay ay sanhi ng iyong sakit at hindi ng boluntaryong may-tulong na pagyao.

## For more information

OFFICIAL

**Health Services Programs Branch**
**Department for Health and Wellbeing**
Health.VoluntaryAssistedDying@sa.gov.au
www.sahealth.sa.gov.au/VAD

Tagalog / Filipino

Government of South Australia
SA Health

© Department for Health and Wellbeing, Government of South Australia. All rights reserved.